DepEd Advisory No. 272, s. 2015
August 29, 2015
In compliance with DepEd Order No. 8, s. 2013
This advisory is issued for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit *www.deped.gov.ph*)

PAMBANSANG SEMINAR-WORKSYAP SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO NG FILIPINO NG *RnV PROFESSIONAL TRAINING CENTER (PTC)*

Ang *RnV Professional Training Center* (PTC) ay magdaraos ng *Pambansang Seminar-Worksyap sa Pagtuturo at Pagkatuto ng Filipino* na may temang *Ang Pagtuturo at Pagkatuto ng Filipino sa Kurikulum ng K to 12: Tugon sa Inobasyong Sosyo-Kultural na Pundasyon ng Edukasyon* sa mga sumusunod na petsa at dako/lugar:

Petsa	Dako/Lugar
Nobyembre 13-15, 2015	Legazpi City, Albay (*specific venue to be announced later*)
Nobyembre 27-29, 2015	Batangas City, Batangas (*specific venue to be announced later*)
Disyembre 11-13, 2015	Naga City, Camarines Sur (*specific venue to be announced later*)

Ang mga layunin ng Seminar-Worksyap ay ang mga sumusunod:

1. magkaroon ng malawak na kaalaman sa teorya, nilalaman, at kahalagahan ng pagtuturo ng Filipino batay sa *K to 12* Kurikulum;
2. mabatid ang mga karaniwang suliranin sa pagtuturo ng Filipino batay sa *K to 12* Kurikulum at makahanap ng solusyong nauukol dito;
3. maipakita ang pagpapahalaga at ang kahusayan sa epektibong paggamit ng wika at Linggwistikang Filipino sa pagtuturo;
4. mapagtibay ang kakayahan ng pananaliksik sa pamamagitan ng kaalaman sa pagbasa at pagsulat; at
5. mailahad ang inobatibong paraan at pamamaraan sa pagtuturo ng obra maestrang Filipino.

Ang mga inaasahang dadalo ay ang mga gurong nagtuturo ng Filipino sa lahat ng antas, punong guro, superbisor, mga tagapangulo o tagapag-ugnay ng asignaturang Filipino, mga estudyante sa Filipino na mula sa pampubliko at pampribadong paaralan, at iba pang interesadong indibidwal.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at mag-aaral na mula sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no-disruption-of-classes policy* na nakasaad sa DepEd Order No. 9, s. 2005 na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.*

Para sa karagdagang impormasyon o anumang katanungan, maaaring tumawag kay:

Venice Iris I. Awa, RM, RN
Vice President for Operations, RnV Professional Training Center (PTC)
Alfelor Street, San Roque
Iriga City, Camarines Sur 4431
Mobile Phone: 0928-488-2959, 0915-802-4058
Email: rnv.professionaltrainingcenter@gmail.com

D-MCR/ DA Pambansang Seminar-Worksyap sa Pagtuturo at Pagkatuto ng Filipino
0543A/August 18, 2015/8-28